Seattle Technology Access na Report 2024: Mga Pangunahing Natuklasan

"Upang matiyak na maging inklusibo, tagumpay sa edukasyon, at kaunlaran ng ekonomiya para sa lahat ng residente ng Seattle, dapat din tayong magsikap para sa digital na pagkakapantay-pantay para sa lahat."
– Mayor Bruce Harrell

Tungkol Saan ang Pag-aaral na Ito?

Nais ng Lungsod ng Seattle na maunawaan kung paano ginagamit ng mga residente ang teknolohiya at internet. Nag-survey sila ng mahigit 4,600 katao para malaman ang tungkol sa:

- Sino ang may access sa internet
- Anong mga device ang ginagamit ng mga tao
- Gaano kakomportable ang mga tao sa paggamit ng teknolohiya
- Anong mga hadlang ang pumipigil sa mga tao na mag-online

Sino ang may Access sa internet

- 98% ng mga sambahayan sa Seattle ay nakaka-access ng internet sa bahay (tumaas mula sa 95% noong 2018)
- Gayunpaman, ang ilang mga residente ay may hinaharap na mas maraming hamon sa pag-online:

- Mga taong may mababang kita
- Mga taong hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang unang wika
- Mga taong may kapansanan
- Mga residenteng Itim at Native American
- Mga matatanda

Ang Halaga ng Internet ay Nakakaapekto sa Pag-access at Paggamit nito

- Karamihan sa mga sambahayan ay nagbabayad ng hindi bababa sa $100 bawat buwan para sa internet
- Ang mga pamilyang may mababang kita ay gumagastos ng humigit-kumulang 5% ng kanilang kita sa internet, habang ang karaniwang sambahayan ay gumagastos ng 2.2%
- May mga programa na makakatulong sa mga karapat-dapat na sambahayan na makatipid ng pera sa serbisyo sa internet, ngunit maraming tao ang walang alam tungkol sa mga ito o hindi gumagamit ng mga ito.

Anong Mga Device ang Ginagamit ng Mga Tao sa Seattle

- Halos lahat ng sambahayan (95%) ay may mga smartphone
- 86% ang may mga laptop
- 67% ang may mga tablet
- Sa ilang sambahayan kailangang magbahagi ng mga device ang mga miyembro ng pamilya kaya't maaaring mas mahirapang magtrabaho, mag-aral, o mag-access ng mga serbisyo

Gusto at Kailangan ng Mga Tao ng Higit pang Mga Digital na Kasanayan

- Humigit-kumulang 60% ng mga residente ng Seattle ay kumportableng gawin ang lahat ng pangunahing mga digital na gawain
- Maraming tao ang gustong matuto nang higit pa tungkol sa:
  - Pagprotekta sa kanilang personal na impormasyon online
  - Karaniwang kasanayan sa kompyuter
  - Paggamit ng software at mga application
  - Paghahanap ng mga trabaho online

Sino ang Napag-iiwanan

Napag-alaman sa pag-aaral na hinaharap ng mga grupong ito ang mas maraming kahirapan sa paggamit ng teknolohiya:

- **Mga matatanda**
- **Mga taong may kapansanan**
- **Mga taong hindi nagsasalita ng Ingles bilang kanilang unang wika**
- **Mga taong may mababang kita**
- **Itim at Native American na mga residente**

Ano ang Gagawin ng Seattle Tungkol Dito

Ang Lungsod ay nagtatrabaho upang:

1. **Ibahagi nang malawakan ang mga natuklasang ito upang makakuha ng higit pang suporta para sa mga digital access na programa**
2. **Tulungan ang mga tao na matuto at mag-sign up para sa mga diskwentong programa sa internet**
3. **Tulungan ang mga tao na makuha ang mga device na kailangan nila**
4. **Makipagtulungan sa mga organisasyon ng komunidad upang magbigay ng pagsasanay at suporta**
5. **Gawing mas madali para sa mga tao na makahanap ng tulong sa teknolohiya**
6. **Bumuo ng mas matibay na pampubliko at pribadong partnership nang mapabuti ang digital access sa buong lungsod**

Bakit Ito Mahalaga

Ang pagkakaroon ng maaasahang internet access at pag-alam kung paano gamitin ang teknolohiya ay nagiging mas mahalaga para sa:

- **Trabaho**
- **Paaralan**
- **Pangangalaga sa kalusugan**
- **Mga serbisyo ng gobyerno**
- **Manatiling konektado sa pamilya at komunidad**
- **Paghahanap ng impormasyon at mga mapagkukunan**

Nais ng Lungsod na tiyakin na ang lahat ay may mga kagamitan at kasanayan na kailangan nila upang lumahok sa ating lumalagong digital na mundo. Salamat sa maraming miyembro ng komunidad na lumahok sa pag-aaral na ito.

Ang gawain ng Lungsod sa pagiging digital na inklusibo ay maaaring sundan sa www.seattle.gov/tech

Seattle Information Technology